

Regulatory Office

Ang MWSS Regulatory Office ay nalikha noong Agosto 1997 sa pamamagitan ng Concession Agreements na nilagdaan sa pagitan ng MWSS at dalawang pribadong konsesyunaryo--ang Manila Water Company, Inc. para sa West Zone at Maynilad Water Services, Inc. para sa East Zone.

Ang Regulatory Office, bilang collegial body, ay binubuo ng limang miyembro na pinamumunuan ng Director o Chief Regulator na may pangkalahatang pananagutan o responsibilidad para sa operasyon ng tanggapan. Ang ibang mga kasapi nito ay nakatalaga naman bilang mga regulator para sa Administration and Legal Affairs, Technical, Customer Service at Financial Regulation.

Ang anumang aksyon, pagkilos o pagpapasyang isasa-gawa ng Regulatory Office patungkol sa mahahalagang bagay o usapin na direktang makakaapekto sa binalangkas na Concession Agreements ay mangan-gailangan ng botong mayorya o majority vote ng tatlong kasapi nito.

Ang Chief Regulator ang siyang namumuno sa pagpu-pulong ng tanggapan at may pinal na desisyon o pag-papatibay hinggil sa pagtanggap o pagsibak sa lahat ng propesyunal na kawani o staff ng opisina. Siya rin ang tumatayong pangunahing tagapagsalita ng naturang tanggapan.

Ang Regulatory Office ay may mandato o tungkuling subaybayan ang pagpapatupad ng Concession Agree-ments. Kabilang sa mga gampanin nito ang muling pag-aaral o pag-review, pagmamatyag at pagpapatupad ng rates at services standards; regular na pagsasa-ayos at pag-uulat ng independent audits hinggil sa mga naging gawain o performance ng dalawang konsesyunaryo; at ang pagsubaybay sa infrastructure assets ng mga ito. Ang tungkulin ng Regulatory Office ay maaaring mag-bago anumang oras para sa pagtiyak ng isang epekti-bong regulasyon patubig at serbisyong alkantarilya.

Ang simpleng
pagtitipid
ay may
katumbas
na malaking
kapakinabangan
kaya't mahalaga na
maging bahagi ito ng
araw-araw na gawain
ng bawat indibidwal.



Metropolitan Waterworks and Sewerage System
REGULATORY OFFICE

Mga **GABAY**
Sa Wastong
PAGGAMIT ng
TUBIG



Para sa karagdagang impormasyon, tumawaga sa

Customer Service Regulation Area

Tel: (02) 435-8903

Public Information Division

Tel: (02) 381-2579

MWSS Regulatory Office

3rd Floor, Engineering Bldg., MWSS Complex, Katipunan Road, Balara,

1105 Quezon City

Phone: (02) 435-8900

Fax: 926-9352

E-mail: mwssregulatoryoffice@gmail.com

Ang wastong pagtitipid at pagkonsumo ng tubig ay madaling maisagawa kung may sapat na kaalaman ang lahat hingil sa kahalagahang-hatid ng tubig. Ang simpleng pagtitipid ay may katumbas na malaking kapakinabangan kaya't mahalaga na maging bahagi ito ng araw-araw na gawain ng bawat indibidwal.

Ang pagtitipid sa tubig ay magagawa mismo sa loob ng bahay

➤ Tiyakin na nakasara ng maayos ang lahat ng gripo. Tinatayang 200 litro ng tubig sa bawat limang minuto ang natatapon kung maiiwang bukas ang gripo.

➤ Alamin kung may mga tagas ang tubo at agad itong ipakumpuni kung depektibo. Sa tulong ng *water meter* ay maaring matuklasan kung may *water leak* ang linya ng tubo. Isara ang lahat ng gripo at pagmasdan ang galaw ng water meter. Kung patuloy sa pagtakbo ang metro kahit walang dumadaloy na tubig, palatandaan ito na may tagas ang tubo.



Pagtitipid sa Loob ng Bahay

➤ Upang malaman kung may leak ang tubo sa inyong toilet lagyan ng food coloring ang tubig sa loob ng toilet tank. Kung umagos ang de kulay na tubig sa toilet sa loob ng 30 minutong ng hindi nagpa-flush, tiyak na may tagas ang tubo nito. Agad itong isaayos.

➤ Mag-recycle ng tubig. Gamitin pambuhos sa kubeta o *toilet*, panlinis sa garahe, pandilig sa halaman at panlaba ng basahan ang pinagbanlawang tubig mula sa nilabhang mga damit o pinanghugas ng mga pinggan.

➤ Kung maglalaba, ibabad muna ang maruming damit upang madaling maalis ang dumi. Gumamit ng palanggana o batya na may tamang dami ng tubig. Huwag hayaan umapaw ang batya habang nakabukas ang gripo. Kung gagamit naman ng washing machine, maglaba ng maramihan. Gumamit ng tamang dami ng sabon para di maging maaksaya sa pagbanlaw.

➤ Kung maghuhugas ng gamit sa kusina, huwag halayang bukas at dumadaloy ang tubig mula gripo. Ibadad sa mainit na tubig ang mga mamantikang hugasin. Unahin linisin ang hugasing mas kaunti ang mantika saka isunod ang hugasing mas mamantika.

➤ Huwag hayaang bukas ang gripo habang naghuhugas ng mga prutas, gulay at iba pang pagkain sa halip ay gumamit ng palanggana. Gumamit din ng sapat na tubig sa pagluluto ng pagkain.



Paglilinis ng kotse

➤ Sa paggamit ng toilet, iwasan ang pag-flush kung hindi naman kinakailangan. Ang isang pag-flush ay tinatayang gumagamit ng 14-20 litro ng tubig.

➤ Kung maliligo, gumamit ng balde o tabo sa halip na shower. Kung kailangang gumamit ng shower isara ito habang nagsasabon at nagsa-shampoo at buksan lamang kung magbanlaw na.

➤ Isara ang gripo habang nagsisipilyo ng ngipin o nag-aahit. Gumamit ng baso sa pagmumog at kaunting tubig sa pagbanlaw ng toothbrush o razor.

Ang pagtitipid sa tubig habang nasa garahe at hardin

➤ Gumamit ng balde at malambot na basahan sa halip na water hose at sponge kung maglilinis ng kotse. Bukod sa nakakatipid sa tubig, ang paggamit ng malambot na basahan ay hindi nakakasira sa pintura ng kotse.



Pagdidilig ng halaman

➤ Huwag gumamit ng hose sa paglilinis ng inyong driveway o sidewalks sa halip ay gumamit ng balde at walis.

➤ Diligan ang inyong mga halaman at hardin sa umaga, sa bandang hapon o oras na malamig ang panahon. Ang pagdidilig sa umaga ay mas nakabubuti dahil pinipigilan nito ang pagdami ng fungus at peste sa hardin. Ang pagdidilig sa umaga at hapon ay nagpapa-baba sa tubig na nasasayang dahil sa evaporation. Iwasan din ang pagdidilig kung mahangin.

➤ Huwag gumamit ng water sprinkle kung mainit ang araw dahil ang kalahati ng ginagamit na tubig ay mag-e-evaporate at nasasayang lamang.

➤ Huwag palagiang magdilig. Diligan ang inyong halaman at hardin kung kailangan lamang. Hindi kailangan ng damo ang maraming tubig at ang lupa ay hindi nakapag-iimbak ng sobrang tubig.